# 2022 Pangkalahatang Halalan

# Pamplet ng mga Botante sa Jackson County sa Wikang Tagalog

OREGON SOS

Mga Botante ng Jackson County:

Ang Pamplet ng mga Botante ng Jackson County ay inilathala para magbigay-alam sa mga botante tungkol sa mga lokal na kandidato at panukalang-batas. Hindi kinakailangang magsumite ng pahayag ang mga kandidato na isasama sa Pamplet ng mga Botante. Ang lahat ng pahayag ng kandidato at argumento sa panukalang-batas na lumilitaw sa pamplet na ito ay isinumite kasama ng bayad sa pag-file. Tanging mga naaangkop na kandidato at panukala lang para sa inyong presinto ang makikita sa iyong balota.

Ang Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 8, 2022, tulad ng lahat ng halalan sa Estado ng Oregon, ay isasagawa sa pamamagitan ng koreo. Naka-iskedyul ang mga balota na ipadala sa koreo sa Jackson County sa Biyernes, Oktubre 21. Ang deadline sa pagrehistro para sa mga mamamayan na hindi kasalukuyang nakarehistro para bumoto sa Estado ng Oregon para sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 8, 2022 ay **Martes, Oktubre 18, 2022.**

Ang pamplet na ito ay inihatid sa mga post office mailing address. Sa gayon, kung nakatanggap ka ng pamplet, hindi agad iyon nangangahulugan na ikaw ay isang nakarehistrong botante. Ang mga botante na kasalukuyang nakarehistro sa Estado ng Oregon na lumipat na, o nagbago ng kanilang address ng tirahan o mailing address o pangalan, ay dapat mag-update ng kanilang rehistrasyon bago ng pagtatapos ng negosyo sa Araw ng Halalan upang makaboto. **Hindi maaaring i-forward ang mga vote-by-mail na balota!** Kung kailangan mong magrehistro o mag-update ng iyong rehistrasyon, maaari mong gawin ito online sa **oregonvotes.gov/myvote** o sa personal sa 1101 West Main St., Suite #201, Medford.

Bago ngayong taon, **Mahalaga ang mga Postmark!** Ang mga balotang natanggap mula sa United States Postal Service pagkatapos ng araw ng halalan ay tatanggapin kung naka-postmark ito sa o bago ng araw ng halalan at natanggap pagdating ng ika-7 araw pagkatapos ng halalan.

Bukod pa rito, hindi na kasama sa iyong pakete ng balota ang opsyonal na secrecy sleeve dahil may naka-print na na security weave sa loob ng sobre para sa pagbabalik ng balota na nagpoprotekta sa privacy ng iyong balota. Ang iyong privacy at pagiging lihim ng iyong boto ay lagi at patuloy na pinoprotektahan sa buong proseso ng pagbibilang ng balota. Ang desisyong ito ay pormal na inaprubahan ng Opisina ng Oregon Secretary of State at makakatipid ng pera at oras ng kawani.

Dapat naka-postmark ang mga balota pagdating ng Nobyembre 8, 2022, kung pinadala sa koreo, o hinulog sa isang Opisyal na Drop Box ng Balota nang hindi lalampas sa alas-8 ng gabi, Nobyembre 8, 2022.

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa katayuan ng iyong rehistrasyon bilang botante o sa proseso ng halalan, tawagan ang Opisina ng Halalan sa 541-774-6148.

# Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 8, 2022 – Kapaki-pakinabang na Impormasyon

Ang sumusunod na impormasyon ay ibinigay upang tulungan ka sa:

- Pagtitiyak na Bibilangin ang Iyong Boto
- Pagbabalik ng Iyong Balota
- Pag-unawa ng Dadaanang Proseso ng Iyong Vote-By-Mail na Balota
- Pagsagot ng Ilang Madalas Itanong

## Impormasyon sa Pagboto

**Ang impormasyong ito ay inilagay sa pamplet ng mga botante upang tulungan ang mga botante ng Jackson County sa parmamarka ng kanilang balota.**

### Punan ang Bilog

Upang masiguro na mabibilang ang iyong boto:

- Gumamit ng asul o itim na panulat.
- Ganap na punan ang bilog.
- Huwag maglagay ng tsek.
- Huwag magmarka ng X.

### Kandidato o Panukalang-Batas

Upang bumoto para sa isang kandidato o panukalang-batas, ganap na punan ang bilog sa kaliwa ng iyong tugon.

### Write-In

Upang magsulat ng isang pangalan, ganap na punan ang bilog sa kaliwa ng linya para sa write-in at isulat ang pangalan sa linya.

#### Undervote

- Kung hindi ka bumoto sa isang kategorya o panukalang-batas, ito ay tinatawag na undervote.
- Ang isang boto ay hindi mabibilang para sa kategorya o panukalang-batas.
- Hindi mo kailangang bumoto sa lahat ng kategorya. Mabibilang pa rin ang mga binoto mo.

#### Overvote

- Kung bumoto ka para sa mas maraming kandidato kaysa sa pinapahintulutan, o kung pareho mong binoto ang Oo at Hindi sa isang panukalang-batas, ito ay tinatawag at labis na pagboto o overvote.
- Ang isang boto ay hindi mabibilang para sa kategorya o panukalang-batas ang iyong overvote maliban kung itama mo ito.
- Maaari mong itama ang isang overvote sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa "Paano Itama ang Isang Pagkakamali"

**Paano Itama ang Isang Pagkakamali**

- Guhitan ng linya ang bilog at ang iyong hindi nais na tugon.
- Ganap na punan ang bilog sa kaliwa ng iyong nais na tugon.
- Hindi bibilangin ang boto para sa hindi mo nais na tugon.
- May bilang na isang boto para sa iyong nais na tugon.

**Maaari kang makipag-ugnayan sa Jackson County Elections sa 541-774-6148 para humiling ng kapalit na balota kung:** nagkamali ka, nasira o namarkahan nang mali ang iyong balota, o nawala ang iyong balota (o para sa anumang iba pang dahilan).

**Tulong sa Pagmarka ng Balota; Mga Pataan at Limitasyon:** Ang sinumang botante na, dahil sa kapansanan o kawalan ng kakayahang magbasa o magsulat, hindi makapagmarka ng kanilang balota ay maaaring makatanggap ng tulong. Ang tulong ay ibibigay ng alinman sa dalawang tao ng magkaibang partidong pampulitika na itinalaga ng clerk ng county o ng ibang taong pinili ng botante. Ang sinumang tumutulong sa isang botante ay dapat sumunod sa tagubilin ng botante kung paano boboto sa balota. Gayundin, ang taong tumutulong sa botante ay hindi dapat magbigay ng anumang impormasyon tungkol sa kung paano bumoto ang botante. Karagdagan pa, hindi maaaring magbigay ang sinuman ng nasabing tulong kung siya ay isang tagapag-empleyo ng botante o isang ahente ng tagapag-empleyo. Bukod pa rito, ang isang tao ay hindi maaaring magbigay ng nasabing tulong kung siya ay isang opisyal o ahente ng isang unyon kung saan ang botante ay isang miyembro. (ORS 254.445)

# Pagbabalik ng Iyong Balota

Ang Araw ng Halalan ay Martes, Nobyembre 8, 2022

Matapos iboto ang iyong balota:

1. **Suriin** ang iyong balota para sa mga pagkakamali;
2. **Ipasok** ang iyong balota sa sobre para sa pagbabalik ng balota (ballot return envelope);
3. **I-seal** ang sobre para sa pagbabalik ng balota;
4. **Pirmahan** ang sobre para sa pagbabalik ng balota;
5. **Ibalik** ang iyong balota.

Mayroon kang dalawang paraan para ibalik ang iyong balota:

1. **Ipadala sa koreo** ang iyong balota upang ito ay mamarkahan ng koreo sa Araw ng Halalan; o
2. **Ideposito** ang iyong balota sa isang opisyal na Oregon ballot drop box bago mag-alas-8 ng gabi sa Araw ng Halalan.

**Mahalaga!** Ang iyong balota ay dapat ibalik sa sobre para sa pagbabalik ng balota na ibinigay kasama ng iyong pakete ng balota. **Siguraduhin na pinirmahan mo ang sobre para sa pagbabalik ng balota na ibinigay sa iyo!**
Kung nawala o nasira mo ang iyong sobre para sa pagbabalik ng balota, mangyaring makipag-ugnayan sa aming opisina sa 541-774-6148.

Kung nawala o nasira mo ang iyong sobre para sa pagbabalik ng balota, mangyaring makipag-ugnayan sa aming opisina sa 541-774-6148.

# Ang Prosesong Dadaanan ng Iyong Vote-by-Mail na Balota

Noong 1998, ipinasa ng mga botante ng Oregon ang isang panukalang-batas sa balota na nagdidirekta na isagawa ang lahat ng halalan sa pamamagitan ng koreo, na karaniwang tinatawag na Vote-By-Mail. Sa halip na gumamit ng mga tradisyonal na lugar ng botohan kung saan nagpupunta ang mga botante para bumoto sa Araw ng Halalan, ipinapadala sa koreo ang balota sa bawat isang nakarehistrong botante. Ang balota ay pagkatapos ibinabalik sa opisina ng halalan ng county para mabilang.

➔ **Mga araw ng halalan ng Oregon:** Ika-2 Martes ng Marso, Ika-3 Martes ng Mayo, Ika-4 na Martes ng Agosto, at Martes na kasunod ng unang Lunes ng Nobyembre. Maaaring magtawag ng espesyal na halalan ang mga namamahalang ahensya para sa iba pang araw ng halalan.

➔ **Mga Uri ng Halalan:** Pangunahin-Mayo ng mga taon na nagtatapos sa even number, Pangkalahatan-Nobyembre ng mga taon na nagtatapos sa even number, Espesyal na Distrito-Mayo ng mga taon na nagtatapos sa odd number, Espesyal-anumang araw ng halalan na tinawag ng namamahalang ahensya, kabilang ang Marso at Agosto.

➔ **Tingnan ang katayuan ng iyong pagpaparehistro:** Beripikahin ang iyong impormasyon, magparehistro para makaboto o i-update kung kinakailangan, sa **oregonvotes.gov/myvote**. Ang deadline para sa pagpaparehistro ng mga bagong botante ay 21 araw bago ng isang halalan. Ang deadline para magpalit o pumili ng isang partidong pampulitika ay 21 araw bago ng isang Pangunahing Halalan.

➔ **Ipapadala ang iyong balota sa iyo sa pamamagitan ng koreo:** Awtomatikong ipapadala ang isang pakete ng balota sa lahat ng nakarehistrong botante na kwalipikadong bumoto sa halalan.

➔ **Bumoto gamit ang iyong balota:** Gawin ang iyong mga pagpili at ilagay ang iyong balota sa sobre para sa pagbabalik ng balota na ibinigay kasama ng iyong pakete ng balota.

➔ **Pirmahan ang iyong sobre para sa pagbabalik ng balota:** Naka-preprint ang iyong impormasyon sa sobre para sa pagbabalik ng balota. Siguraduhin na pinirmahan mo ang sobre para sa pagbabalik ng balota na nakapangalan sa iyo!

➔ **Ibalik ang Iyong Balota:** Ibalik ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo (hindi kinakailangan ang selyo) sa o bago ng Araw ng Halalan o ibalik ito sa isang opisyal na hulugan ng balota sa Oregon bago mag-alas-8 ng gabi sa Araw ng Halalan. Ang mga balotang ipinadala pabalik sa pamamagitan ng koreo ay dapat na-postmark sa o bago ng Araw ng Halalan!

➔ **Pagkabalik nito, susuriin ang iyong sobre para sa pagbabalik ng balota:** Ang barcode sa iyong sobre ay isa-scan, na gagawa ng pagtatala ng pagbabalik (return log). Tinitiyak nito na isang balota lang ang matatanggap mula sa bawat botante.

➔ **Beripikahin na natanggap ang iyong balota:** Bisitahin ang **oregonvotes.gov/myvote** para tingnan ang katayuan ng iyong balota. Sa kasalukuyan, naka-set up lang ang system para magpakita na natanggap na ang iyong balota.

➔ **Bineberipika ang iyong pirma:** Inihahambing ang pirma sa iyong sobre para sa pagbabalik ng balota sa (mga) pirma sa iyong talaan ng rehistro bilang botante upang beripikahin na pinirmahan mo ang affidavit. Mananatiling nakaselyo ang balota sa loob ng sobre para sa pagbabalik ng balota sa prosesong ito. Hindi maaaring pirmahan ng power of attorney para sa isang botante ang sobre para sa pagbabalik ng patunay ng pagkakakilanlan.

➔ **Pag-test ng logic at katumpakan:** Isinasagawa ang pagte-test ng programming at pagiging nababasa ng balota sa bawat ballot-counting machine bago i-scan ang anumang mga balota para sa halalan. Pagkatapos ma-scan ang lahat ng balota at bago masertipika, isinasagawa ang parehong pag-test sa bawat ballot-counting machine upang tiyakin na walang ginawang anumang pagbabago sa programming sa vote tally system.

➔ **Inihahanda ang balota para mabilang:** Tinatanggal ang balota mula sa sobre para sa pagbabalik ng balota at inihahanda para mabilang ng mga miyembro ng lupon ng halalan mula sa magkahalong partido. Maingat na tinatala ang mga balota at sinusubaybayan sa buong proseso ng pagbilang pero ang mga resulta ay hindi mailalabas hanggang sa 8pm ng araw ng halalan.

➔ **Mga resulta ng halalan:** Simula 8pm ng araw ng halalan, ang mga hindi opisyal na resulta ng halalan ay maaaring makita sa **oregonvotes.gov** at ia-update sa buong araw ng halalan. Ang mga resulta ng halalan sa antas ng presinto at mga resulta ng write-in ay maaaring makita sa sandaling masertipika ang halalan. Ang deadline para masertipika ang mga resulta ng halalan ay 27 araw pagkatapos ng halalan.

➔ **Manwal na pagbibilang ng mga balota na binilang ng vote tally system:** Ang mga opisyal ng halalan ng county ay kinakailangang alamin kung magsasagawa ng sapalarang manwal na pagbibilang ng ilang sample o magbakasakaling malimitahan ang pag-audit ng mga balota na binilang ng vote tally system sa county sa bawat pangunahin, pangkalahatan, o espesyal na halalan. Magsasagawa ang Jackson County ng sapalarang manwal na pagbibilang ng ilang sample para sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 8, 2022. Ang mga resulta ng sapalarang manwal na pagbibilang ng ilang sample ay gagawing available sa publiko ng opisina ng Kalihim ng Estado ng Oregon sa **oregonvotes.gov**.

# Impormasyon sa Pagpaparehistro ng Botante

**Pagpaparehistro para Bumoto:** Upang makaboto sa Oregon kailangan mong nakarehistro sa county kung saan ka nakatira. Maaari kang magparehistro kung makasagot ka ng oo sa tatlong tanong na ito: 1) Ikaw ba ay residente ng Oregon? 2) Ikaw ba ay isang mamamayan ng U.S.? 3) Ikaw ba ay hindi bababa sa 16 na taong gulang? *Kung ikaw ay 16 o 17 taong gulang, hindi ka makakatanggap ng balota hanggang sa may maganap na isang halalan sa o pagkatapos ng iyong ika-18 kaarawan.*

**Paano magparehistro:** Maaari kang magparehistro online para bumoto sa **oregonvotes.gov** o maaari kang makakuha ng card ng pagpaparehistro ng botante (voter registration card) sa alinman sa mga sumusunod na lugar: 1) anumang opisina ng halalan ng county. 2) ang opisina ng Kalihim ng Estado. 3) ilang ahensya ng estado tulad ng Division of Motor Vehicles. 4) isang drive o kampanya para sa pagpaparehistro ng botante. Maaari mong punan ang card nang personal o ipadala ito sa pamamagitan ng koreo ng US. Maaari ka ring mag-print ng registration card online sa **oregonvotes.gov**.

**Pag-update ng iyong pagpaparehistro bilang botante:** Kapag nakapagrehistro ka na, responsibilidad mong panatilihing napapanahon ang iyong impormasyon. Maaari mong gawin ito online sa **oregonvotes.gov** o sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagbabalik ng voter registration card na nagsasaad ng bagong impormasyon. Dapat mong i-update ang iyong pagpaparehistro kung gagawin mo ang alinman sa mga sumusunod: 1) magpapalit ng address ng iyong tirahan. 2) babaguhin ang iyong mailing address. 3) babaguhin ang iyong pangalan. 4) babaguhin ang iyong pirma. 5) gustong magpalit o pumili ng partidong pampulitika. 6) babiyahe o wala sa bahay sa araw ng halalan.

# Mga Lokasyon ng Hulugan ng Balota

Ang Araw ng Halalan ay Martes, Nobyembre 8, 2022

**Opisyal na mga Lokasyon ng Hulugan ng Balota ng Jackson County**
(Magbubukas ng Lunes, Oktubre 24, 2022)

| | |
|---|---|
| **Halalan sa Jackson County**<br>1101 W. Main St., Suite 201<br>Medford, OR 97501<br>(Matatagpuan ang opisina sa ika-2 palapag) | Ang mga **curbside** at walk-up ballot drop box ay bukas 24 na oras araw-araw (kaliwang lane - W. Main) Magsasara nang 8pm sa Araw ng Halalan<br><br>Ang mga hulugan ng balota **sa loob** ng opisina ng Halalan ay bukas 8 am hanggang 4 pm, Lunes – Biyernes (7 am - 8 pm sa Araw ng Halalan) |
| **Ashland Library**<br>410 Siskiyou Blvd.<br>Ashland, OR 97520 | Ang **curbside** ballot drop box ay bukas 24 na oras araw-araw (eskinita sa labas ng Gresham St. malapit sa book drop)<br>Magsasara nang 8pm ng gabi sa Araw ng Halalan |
| **Central Point Library**<br>116 S. 3rd St.<br>Central Point, OR 97502 | Ang **walk up** ballot drop box ay bukas 24 na oras araw-araw (timog na bahagi ng gusali ng library, pangunahing pasukan)<br>Magsasara nang 8pm ng gabi sa Araw ng Halalan |
| **Eagle Point Library**<br>239 W. Main St.<br>Eagle Point, OR 97524 | Ang **walk up** ballot drop box ay bukas 24 na oras araw-araw (pangunahing pasukan ng pangunahing sangay ng library)<br>Magsasara nang 8pm ng gabi sa Araw ng Halalan |
| **Medford Library**<br>205 S. Central Ave Medford, OR 97501 | Ang **curbside** ballot drop box ay bukas 24 na oras araw-araw (eskinita sa labas ng Gresham St. malapit sa book drop)<br>Magsasara nang 8pm ng gabi sa Araw ng Halalan |
| **Phoenix Library**<br>510 W. 1st St.<br>Phoenix, OR 97535 | Ang **walk up** ballot drop box ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan ng pangunahing sangay ng library)<br>Magsasara nang 8pm ng gabi sa Araw ng Halalan |
| **Rogue River Library**<br>412 E. Main St.<br>Rogue River, OR 97537 | Ang **walk up** ballot drop box ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan ng pangunahing sangay ng library)<br>Magsasara nang 8pm ng gabi sa Araw ng Halalan |

## PANUKALANG-BATAS PARA SA PAMPLET NG MGA BOTANTE SA JACKSON COUNTY

**Panukalang-Batas:** 15-203

**Distrito:** Jackson County

**Caption:** Pagbabawal sa mga tagagawa ng psilocybin at mga operator ng service center sa Jackson County.

**Tanong:** Dapat bang ipagbawal ang mga tagagawa ng psilocybin at mga operator ng service center sa unincorporated Jackson County?

**Buod:** Kung naaprubahan, ipagbabawal ng panukalang-batas ang mga tagagawa ng psilocybin o mga operator ng service center para sa psilocybin na lisensyado ng Oregon Health Authority na magtayo o magpatakbo ng ganitong negosyo sa unincorporated Jackson County. Kung hindi naaprubahan, hindi ipagbabawal ng panukalang-batas ang mga tagagawa ng psilocybin o mga operator ng service center para sa psilocybin na lisensyado ng Oregon Health Authority na magtayo o magpatakbo ng ganitong negosyo sa unincorporated Jackson County.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

Pinahihintulutan ng Jackson County Home Rule Charter ang awtoridad ng County na magpatibay ng mga ordinansa sa mga bagay na may kaugnayan sa County sa pinakamalawak na saklaw na pinahihintulutan ng Konstitusyon o mga batas ng Estados Unidos o ng Oregon. Ang Panukalang-Batas 109 sa Balota ng Oregon (2020) (na may kodigo na Chapter 475A ng Mga Nirebisang Batas ng Oregon) ay nagpapahintulot sa paggawa, paghahatid, at pagbibigay ng psilocybin sa Estado ng Oregon. Inaawtorisahan ng ORS 475A.718 ang County na magpatibay ng ordinansa na magbabawal sa pagtatayo ng mga tagagawa ng produktong psilocybin, mga operator ng service center para sa psilocybin, o parehas, sa loob ng unincorporated area na napapailalim sa hurisdiksyon ng County. Pinagtibay ng Lupon ng mga Komisyonado ng Jackson County ang Ordinansa 2022-2 na nagbabawal sa pagtatayo o pagpapatakbo ng mga tagagawa ng psilocybin at mga operator ng service center para sa psilocybin sa unincorporated na lugar ng Jackson County. Inaatas ng ORS 475A.718 na ang isang ordinansang pinagtibay ng Lupon ng mga Komisyonado na nagbabawal sa pagtatayo ng mga tagagawa ng produktong psilocybin at mga operator ng service center para sa psilocybin ay isangguni sa mga botante ng County sa susunod na pangkalahatang halalan sa buong estado.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ng Jackson County.)*

## PANUKALANG-BATAS PARA SA PAMPLET NG MGA BOTANTE SA JACKSON COUNTY

**Panukalang-Batas:** 15-204

**Distrito:** Lungsod ng Shady Cove

**Caption:** Permanenteng ipinagbabawal ng Shady Cove ang mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng mga hangganan ng lungsod

**Tanong:** Dapat bang permanenteng ipagbawal ng Shady Cove ang mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng mga hangganan ng lungsod?

**Buod:** Pinahihintulutan ng batas ng estado ang pagpapatakbo, paggawa, pamamahagi at pagtataglay ng psilocybin at psilocin. Nakasaad sa batas ng estado na maaaring pagtibayin ng Konseho ng Lungsod ang isang ordinansa na isasangguni sa mga botante na ipagbawal ang pagtatayo ng anuman sa mga nakarehistro o lisensyadong aktibidad na iyon.

Ang pag-apruba ng panukalang ito ay magbabawal sa pagtatatag ng mga tagagawa ng produktong psilocybin at/o o operator ng service center para sa psilocybin sa loob ng hangganan ng Lungsod maliban kung nagsagawa ng pagkilos sa hinaharap.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**
Ang pag-apruba ng panukalang ito ay magbabawal sa mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng Lungsod ng Shady Cove.

Ginawang legal ng Panukalang-Batas 109 na inaprubahan ng mga botante ng Oregon noong Nobyembre 2020 ang paggamit ng psilocybin para sa mga layuning medikal at kinakailangang gumawa ng mga tuntuning pang-administratibo ang Oregon Health Authority na nagkokontrol sa ligtas na paggamit ng sangkap na ito. Nakasaad din dito na magbibigay ng lisensya ang Oregon Health Authority at kokontrolin ang paggawa, transportasyon, paghahatid, at pagbebenta ng, at pagbili ng mga produktong psilocybin at ang pagkakaloob ng mga serbisyong nauugnay sa psilocybin.

Sa ilalim ng Panukalang-Batas 109, maaaring maglagay ang mga lungsod ng mga referendum sa mga lokal na balota upang ipagbawal ang mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng kanilang distrito. Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Shady Cove ang Ordinansa na nagbabawal sa pagtatatag ng mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng mga hangganan ng Lungsod, at, bilang resulta, sinangguni ang panukalang ito sa mga botante.

Bilang karagdagan, ipinagbabawal ng Panukalang-Batas 109 ang Lungsod mula sa pagpapatibay o pagpapatupad ng buwis o bayad sa mga paggawa ng psilocybin o mga serbisyong kaugnay nito. Ang pag-apruba ng Panukalang-Batas na ito ay hindi dapat magkaroon ng anumang epekto sa pananalapi ng Lungsod.

Kung naaprubahan, ipagbabawal ng Panukalang-Batas na ito ang mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng hangganan ng Lungsod maliban kung nagsagawa ng pagkilos sa hinaharap.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ng Lungsod ng Shady Cove.)*

**PANUKALANG-BATAS PARA SA PAMPLET NG MGA BOTANTE NG JACKSON COUNTY**

**Panukalang-Batas:** 15-205

**Distrito:** Lungsod ng Central Point

**Caption:** Ipinagbabawal ang mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa Lungsod ng Central Point.

**Tanong:** Dapat bang ipagbawal ng Lungsod ng Central Point ang mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa mga hangganan ng lungsod ng Central Point?

**Buod:** Ang batas ng estado ay nagpapahintulot sa pagpapatakbo, paggawa, pamamahagi at pagtataglay ng psilocybin at psilocin. Nakasaad ang batas ng estado na maaaring pagtibayin ng konseho ng lungsod ang isang ordinansa na isasangguni sa mga botante upang ipagbawal ang pagtatatag ng alinman sa mga nakarehistro o lisensyadong aktibidad na iyon.

Ang pag-apruba ng panukalang ito ay magbabawal sa pagtatatag ng mga tagagawa ng produkto ng psilocybin at/o mga operator ng service center para sa psilocybin sa loob ng lugar na napapailalim sa hurisdiksyon ng lungsod.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**
Ang pag-apruba sa panukalang ito ay magbabawal sa pagtatatag at pagpapatakbo ng mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng lungsod ng Central Point.

Maaaring pagtibayin ng konseho ng lungsod ang isang ordinansa na nagbabawal sa pagtatatag ng mga negosyo na nauugnay sa psilocybin sa loob ng lungsod, pero dapat isangguni ng konseho ang ordinansa sa mga botante sa isang pangkalahatang eleksyon sa buong estado. Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Central Point ang ordinansa na nagbabawal sa pagtatatag ng mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng lungsod at, bilang resulta, sinangguni ang panukalang ito sa mga botante.

Ang botong "oo" ay magbabawal sa mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng lungsod.

Ang botong "hindi" ay magpapahintulot sa mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng lungsod na napapailalim sa makatwirang paghihigpit sa oras, lugar, at pamamaraan.

(*Ang impormasyong ito ay ipinagkaloob ng Lungsod ng Central Point.*)

**PANUKALANG-BATAS PARA SA PAMPLET NG MGA BOTANTE NG JACKSON COUNTY**

**Panukalang-Batas:** 15-206

**Distrito:** Luingsod ng Phoenix

**Caption:** Ipinagbabawal ang paggawa ng produktong psilocybin at mga service center para sa psilocybin sa Phoenix

**Tanong:** Dapat bang ipagbawal ng Lungsod ng Phoenix ang mga tagagawa ng produktong psilocybin at mga operator ng service center para sa psilocybin na magnegosyo sa loob ng mga hangganan ng lungsod?

**Buod:** Ang batas ng estado ay nagpapahintulot sa pagtatatag ng mga lisensyadong tagagawa ng produktong psilocybin at mga operator ng service center. Nakasaad sa batas na maaaring pagtibayin ng konseho ng lungsod ang isang ordinansa na isasangguni sa mga botante upang ipagbawal ang pagtatatag ng alinman sa mga lisensyadong aktibidad na ito sa loob ng mga hangganan ng lungsod.

Ang pag-apruba sa panukalang ito ay magbabawal sa pagtatatag at pagpapatakbo ng mga tagagawa ng produktong psilocybin na may lisensyang ibinigay sa ilalim ng ORS 475A.290 at mga operator ng service center para sa psilocybin na may lisensyang ibinigay sa ilalim ng ORS 475A.305 sa loob ng lugar na napapailalim sa hurisdiksyon ng Lungsod ng Phoenix.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**
Ang pag-apruba sa panukalang ito ay magbabawal sa pagtatatag at pagpapatakbo ng ilang partikular na tagagawa ng produktong psilocybin at mga operator ng service center na lisensyado ng Oregon Health Authority. Ang mga psilocybin mushroom ay mga ligaw o nilinang na kabute na naglalaman ng psilocybin, isang natural na taglay nitong psychoactive at hallucinogenic compound.

Inaatas sa Panukalang-Batas 109, na inaprubahan ng mga botante ng Oregon noong Nobyembre 2020, na ang Oregon Health Authority ang magbibigay ng lisensya at magkokontrol sa paggawa, transportasyon, paghahatid, pagbebenta at pagbili ng mga produktong psilocybin at ang pagbibigay ng mga serbisyong nauugnay sa psilocybin.

Sa ilalim ng Panukalang-Batas 109, ang mga lungsod at county ay maaaring maglagay ng mga referendum sa mga lokal na balota upang ipagbawal ang mga tagagawa ng produktong psilocybin at/o mga service center para sa psilocybin sa loob ng kanilang mga hurisdiksyon. Ang Konseho ng Lungsod ng Phoenix ay nagpatibay ng isang

ordinansa na isinasangguni ang panukalang ito na ipagbawal ang mga naturang paggamit sa mga hangganan ng lungsod ng Phoenix sa mga botante.

Kung maaprubahan, ang panukalang ito ay magbabawal sa pagpapatakbo ng mga lisensyadong tagagawa ng produktong psilocybin at mga operator ng service center sa loob ng Lungsod.

Ang awtoridad na magpapataw ng buwis o bayad sa paggawa o pagbebenta ng mga produktong psilocybin, o ang pagbibigay ng mga serbisyong nauugnay sa psilocybin sa Oregon ay ipinagkakaloob lang sa Lehislatibong Kapulungan. Bukod pa rito, ipinagbabawal ng Panukalang-Batas 109 ang isang lungsod na magpatibay o magpatupad ng isang resolusyon na nagpapataw ng buwis o bayad sa pagmanupaktura ng psilocybin o ang pagbibigay ng mga serbisyong nauugnay sa psilocybin. Dahil dito, ang pag-apruba ng panukalang ito ay hindi dapat magkaroon ng anumang epekto sa kita ng Lungsod.

(*Ang impormasyong ito ay ibinigay ng Lungsod ng Phoenix.*)

**PANUKALANG-BATAS PARA SA PAMPLET NG MGA BOTANTE NG JACKSON COUNTY**

**Panukalang-Batas:** 15-207

**Distrito:** Lungsod ng Rogue River

**Caption:** Ipinagbabawal ang mga negosyo na nauugnay sa psilocybin sa loob ng Lungsod ng Rogue River.

**Tanong:** Dapat bang ipagbawal ng Rogue River ang mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa Rogue River hanggang Disyembre 31, 2024?

**Buod:** Pinahihintulutan ng batas ng estado ang pagpapatakbo, paggawa, pamamahagi at pagtataglay ng psilocybin at psilocin. Nakasaad sa batas ng estado na maaaring pagtibayin ng Konseho ng Lungsod ang isang ordinansa na isasangguni sa mga botante upang ipagbawal ang pagtatatag ng alinman sa mga nakarehistro o lisensyadong aktibidad na iyon.

Ang pag-apruba ng panukalang batas na ito ay magbabawal sa pagtatatag ng mga tagagawa ng produktong psilocybin at/o mga operator ng service center para sa psilocybin sa loob ng lugar na napapailalim sa hurisdiksyon ng lungsod.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**
Ang pag-apruba ng panukalang batas na ito ay magbabawal sa pagtatatag at pagpapatakbo ng mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng Lungsod ng Rogue River.

Maaaring pagtibayin ng Konseho ng Lungsod ang isang Ordinansa na nagbabawal sa pagtatatag ng mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng lungsod, ngunit dapat isangguni ng Konseho ng Lungsod ang Ordinansa sa mga botante sa isang pangkalahatang eleksyon sa buong estado. Pinagtibay ng Lungsod ng Rogue River City Council ang Ordinansa Blg. 22-415-O na nagbabawal sa pagtatatag ng mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng Lungsod at, bilang resulta, ay isinangguni ang panukalang ito sa mga botante.

Kung naaprubahan, ipagbabawal ng panukalang-batas na ito ang mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng Lungsod hanggang Disyembre 31, 2024.

(*Ang impormasyong ito ay ibinigay ng Lungsod ng Rogue River.*)

**PANUKALANG-BATAS PARA SA PAMPLET NG MGA BOTANTE NG JACKSON COUNTY**

**Panukalang-Batas:** 15-208

**Distrito:** Rogue River School District #35

**Caption:** Mga Bono para Magbigay Espasyo sa Junior High, I-update at Gawing Mas Maganda ang mga Pasilidad

**Tanong:** Dapat bang mag-isyu ang Rogue River School District ng hanggang $4,000,000 na pangunahing mga bono at makatanggap ng $4,000,000 na kaloob para sa pag-aayos ng mga paaralan? Kung maaprubahan ang mga bono, babayaran ang mga ito mula sa mga buwis sa ari-arian o pagmamay-ari ng ari-arian na hindi napapailalim sa mga limitasyon ng seksyong 11 at 11b, Artikulo XI ng Konstitusyon ng Oregon.

**Buod:** Ang Rogue River School District ay nagmumungkahi ng panukalang bono sa pangunahing halaga na hindi lalampas sa $4 na milyon; Magbibigay ang Estado ng $4 na milyon na katumbas na grant kung aaprubahan ng mga botante ang mga bono. Kung hindi aprubahan ng mga botante ang mga bono, ililihis ang kaloob sa ibang distrito ng paaralan.

Kung maaprubahan, tutustusan ng panukalang ito ang mga gastos sa kapital, na maaaring kabilangan ng:

- Pagpapalawak ng high school para sa espasyo ng Junior high, na maaaring kabilangan ng mga silid-aralan, locker room, mga espasyong magagamit ng lahat.
- Pag-update at pag-aayos ng mga pasilidad ng paaralan, tulad ng plumbing, elektrikal, sistemang pangkusina, pangkalahatang pagmementina.
- Pagtatayo ng may bubong na mga palaruan.
- Pag-update ng mga locker room sa high school.
- Paggawa ng mga pagpapabuti sa kaligtasan sa mga gusali ng paaralan.
- Mga pagpapahusay sa site, demolisyon, mga kasangkapan, kagamitan, mga gastos sa pag-iisyu ng bono.

Maaaring mag-isyu ng maraming serye ng bono na ang bawat isa ay magma-mature sa loob ng 7 taon mula sa panahon ng pag-isyu. Dahil sa pag-expire ng umiiral na utang, ang tinatayang taunang rate ng buwis ay inaasahang tataas nang $.08 bawat $1,000 ng tinasang halaga kumpara sa rate ng nakaraang taon. Ang aktwal na rate na ipapataw

ay maaaring mag-iba dahil sa panghuling rate ng interes at mga pagbabago sa tinasang halaga.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

Ang Rogue River School District ay naglilingkod sa mga mag-aaral na naninirahan sa Rogue River, Wimer, Gold Hill, at Grants Pass. Ang mga pasilidad ng mag-aaral ng Rogue River School District ay may 45 hanggang 115 taon na ang tagal. Ang Distrito ay humihingi ng pag-apruba ng botante para sa pag-iisyu ng mga bono sa pinagsama-samang pangunahing halaga na $4 na milyon para pondohan ang mga pagpapabuti sa kasalukuyang mga pasilidad ng paaralan. Kung pumasa ang panukalang bono, ang Distrito ay makakatanggap ng $4,000,000 na katumbas na mga pondong kaloob mula sa programang Oregon State Capital Improvement Matching (OSCIM). Ang karagdagang $4,000,000 na ito ay hindi magtataas ng pasanin sa buwis para sa mga nagbabayad ng buwis sa Rogue River School District. Kung hindi maipasa ng mga botante ang bono na ito, ang $4,000,000 na milyon na katumbas na pondo mula sa kaloob ng OSCIM ay igagawad sa ibang mga distrito ng paaralan. Walang garantiya na magiging kwalipikado tayo para sa mga pondong ito sa hinaharap.

Ang iminungkahing paggamit ng mga pondo ng bono at mga pondong kaloob ng OSCIM ay kinabibilangan ng mga sumusunod:

- Pag-upgrade o pagpapalit ng mga piyesa ng plumbing, kusina, at sistemang elektrikal.

Paggawa ng annex ng kasalukuyang gusali ng Junior Senior High School na ilalaan para sa mga mag-aaral sa junior high. Kabilang dito ang mga silid-aralan, isang lugar na magagamit ng lahat (common area), mga banyo, mga kasangkapan, at isang locker room para sa mga junior high na mag-aaral.

- Paggawa ng may bubong na palaruan sa labas para sa mga mag-aaral sa parehong campus ng Rogue River Elementary School. Ang mga may bubungan na palaruan na ito ay magbibigay sa mga mag-aaral ng isang may silong na lugar para maglaro sa labas sa init o ulan at malulutas ang isyu ng kakulangan ng panloob na espasyo para sa palaruan para sa mga mag-aaral kapag umuulan.

- Muling pagdisenyo at pag-update ng kasalukuyang mga locker room sa Mataas na Paaralan mula 1976 upang mapabuti ang paggamit at silbi para sa mga mag-aaral.

- Pagbibigay ng mga pagpapahusay sa seguridad at kaligtasan sa mga pasilidad ng paaralan, na inuuna ang mga iisang pasukan sa mga paaralan sa elementarya.

(*Ang impormasyong ito ay ibinigay ng Rogue River School District #35.*)

## PANUKALANG-BATAS PARA SA PAMPLET NG MGA BOTANTE SA JACKSON COUNTY

**Panukalang-Batas:** 15-209

**Distrito:** Lungsod ng Jacksonville

**Caption:**
Ipinagbabawal ang mga negosyo na nauugnay sa psilocybin sa loob ng Lungsod ng Jacksonville.

**Tanong:**
Dapat bang ipagbawal ng Lungsod ng Jacksonville ang mga negosyo na nauugnay sa psilocybin sa loob ng mga hangganan ng lungsod ng Jacksonville?

**Buod:**
Pinahihintulutan ng batas ng estado ang pagpapatakbo, pagmamanupaktura, pamamahagi at pagtataglay ng psilocybin at psilocin. Nakasaad sa batas ng estado na maaaring pagtibayin ng isang konseho ng lungsod ang isang ordinansa na isasangguni sa mga botante na ipagbawal ang pagtatayo ng anuman sa mga nakarehistro o lisensyadong aktibidad na iyon.

Ang pag-apruba ng panukalang ito ay magbabawal sa pagtatayo ng mga tagamanupaktura ng produktong psilocybin at/o tagapangasiwa ng service center ng psilocybin sa loob ng lugar na napapailalim sa hurisdiksyon ng lungsod.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**
Ang pag-apruba ng panukalang ito ay magbabawal sa pagtatayo at pagpapatakbo ng mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng Lungsod ng Jacksonville.

Maaaring pagtibayin ng konseho ng lungsod ang isang ordinansa na nagbabawal sa pagtatayo ng mga negosyo na nauugnay sa psilocybin sa loob ng lungsod, pero dapat isangguni ng konseho ang ordinansa sa mga botante sa isang pangkalahatang eleksyon sa buong estado. Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Jacksonville ang ordinansa na nagbabawal sa pagtatayo ng mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng lungsod at, bilang resulta, sinangguni ang panukalang ito sa mga botante.

Ang botong "oo" ay magbabawal sa mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng lungsod.

Ang botong "hindi" ay magpapahintulot sa mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng lungsod ngunit napapailalim sa mga paghihigpit para sa makatuwirang oras, lugar at pamamaraan.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ng Lungsod ng Jacksonville.)*

**PANUKALANG-BATAS PARA SA PAMPLET NG MGA BOTANTE NG JACKSON COUNTY**

**Panukalang-Batas:** 15-210

**Distrito:** Lungsod ng Ashland

**Caption:** Baguhin ang Ashland City Charter Artikulo VIII-A

**Tanong:** Dapat bang baguhin ng Ashland ang Charter ng Lungsod nito upang italaga ang lahat ng awtoridad na humirang, mangasiwa, at magtanggal ng mga empleyado sa Tagapamahala ng Lungsod?

**Buod:** Aamyendahan ng panukalang ito ang Charter ng Lungsod upang palawigin ang mga responsibilidad ng Tagapamahala ng Lungsod upang isama ang pangangasiwa ng mga empleyado sa lahat ng departamento ng Lungsod.

Ang kasalukuyang salita ng Charter ay nagbubukod sa isang departamento mula sa pangangasiwa ng Tagapamahala ng Lungsod; itinatalaga nito ang responsibilidad sa Parks and Recreation Commission para sa pangangasiwa sa mga empleyado nito.

Ang panukalang ito ay mag-aamyenda sa Subsection 4 ng Artikulo VIII-A, Seksyon 4, ayon sa sumusunod: “Magtalaga, mangasiwa, at magtanggal ng lahat ng hindi nahalal na empleyado ng lungsod, maliban sa mga empleyado na direktang nag-uulat sa Alkalde at Konseho ng Lungsod na hihirangin, pangangasiwaan, at tatanggalin ng Alkalde at Konseho ng Lunsod at tatawaging mga hinirang na opisyal.”

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**
Ang Charter ng Lungsod ng Ashland ay binago sa pamamagitan ng pampublikong boto noong 2020 na nagdaragdag ng Artikulo VIII-A sa Charter ng Lungsod na nagtatag ng posisyon ng Tagapamahala ng Lungsod upang pangasiwaan ang mga pagpapatakbo ng negosyo ng lungsod.  Ang ginamit na salita sa pag-amyenda ng Tagapamahala ng Lungsod, gayunpaman, ay kinabibilangan ng salitang nagbubukod sa pangangasiwa at pamamahala ng mga partikular na "empleyado" mula sa pamamahala ng Tagapamahala ng Lungsod.  Ang exemption na ito ay nagpapahintulot na ang mga empleyadong nakatalaga sa "Park and Recreation Commission" (ang "Park Commission") ay nasa ilalim ng pangangasiwa nito na napapailalim sa batas ng estado, sa Ashland Municipal Code (AMC), mga patakarang pang-administratibo ng Lungsod, at mga nakasulat na kasunduan sa pagitan ng Konseho ng Lungsod at ng Komisyon na pinatutunayan ng mga memorandum of understanding (MOU) o mga resolusyon ng Konseho ng Lungsod.

Ang Charter ng Lungsod ay nagtatatag ng dalawang magkahiwalay na komisyon, ang "Ashland Park Commission" at ang "Ashland Recreation Commission." Maliban sa salita sa Artikulo VIII-A ng Charter na nagtatatag ng posisyon ng Tagapamahala ng Lungsod, walang ibang mga pagtukoy sa "Park and Recreation Commission" sa Charter ng Lungsod. Ang dalawang komisyon na itinatag ng Charter ay bahagi ng organisasyon ng Lungsod at hindi magkahiwalay na legal na entidad na makakapag-hire ng mga empleyado maliban sa bilang mga tauhan ng Lungsod ng Ashland. Ang lahat ng tauhan ng Lungsod ay mga empleyado ng Lungsod saanman sila itinalaga sa loob ng organisasyon ng Lungsod. Bukod pa rito, hindi mga entidad na partikular na inawtorisahan ng Charter ng Lungsod ang Park Commission o ang Recreation Commission na magpatakbo nang hiwalay sa Lungsod o kumuha o mangasiwa ng mga empleyado.

Ang 2020 na pagpapatibay ng Artikulo VIII-A sa Charter ng Lungsod na nagtatatag ng posisyon ng Tagapamahala ng Lungsod ay nagpresenta ng tanong kung ang Park Commission o Tagapamahala ng Lungsod ay dapat magkaroon ng administratibong awtoridad sa Park and Recreation Department ng lungsod at sa mga empleyado nito. Ang Parks Commission ay dating nangangasiwa sa pagpapatakbo ng Park and Recreation Department ng Lungsod sa ilalim ng mga bahagi ng AMC at sa mga MOU sa pagitan ng Konseho ng Lungsod at ng Park Commission. Sa pagkuha ng isang Tagapamahala ng Lungsod, ang Konseho ng Lungsod ay kumilos patungo sa pagsasaalang-alang ng isang pagbabago upang ang lahat ng mga operasyon ng lungsod, kabilang ang Park and Recreation Department, ay matugunan sa ilalim ng pangangasiwa ng Tagapamahala ng Lungsod. Ang Lungsod ay humihiling ng pampublikong boto upang linawin ang salita sa Charter ng Lungsod sa pamamagitan ng pag-alis sa pinag-uusapang salita ng empleyado ng Park Commission mula sa pag-amyenda ng Tagapamahala ng Lungsod sa Charter ng Lungsod. Magiging epektibo ito sa pag-apruba ng mga botante ng Ashland.

Resulta ng Botong "Hindi"

Kung hindi pumasa ang panukalang ito, ang Tagapamahala ng Lungsod ay walang direktang awtoridad sa ilalim ng Charter ng Lungsod na pangasiwaan ang mga empleyado ng Park and Recreation Department, at ang pagtatalaga ng mga empleyado sa Park Commission ay mananatiling nakasalalay sa pagboto ng Konseho ng Lungsod sa AMC o mga MOU.

(*Ang impormasyong ito ay ibinigay ng Lungsod ng Ashland.*)

**PANUKALANG-BATAS PARA SA PAMPLET NG MGA BOTANTE NG JACKSON COUNTY**

**Panukalang-Batas:** 15-211

**Distrito:** Lungsod ng Ashland

**Caption:** Mga Iminungkahing Pagbabago sa Ordinansa sa Buwis sa Pagkain at Inumin ng Ashland

**Tanong:** Dapat bang amyendahan ang Ordinansa upang ilaan ang isang bahagi ng mga kita sa mga serbisyo ng pangkalahatang pamahalaan at palawigin ang 'sunset date'?

**Buod:** Ang kasalukuyang Ordinansa sa Buwis sa Pagkain at Inumin ng Lungsod ng Ashland ay nag-aatas na hindi bababa sa dalawampu't limang porsyento ng nakolektang buwis ang ilalaan para sa pagkuha, pagpaplano, pagpapaunlad, pag-aayos at rehabilitasyon ng mga parke ng Lungsod. Hanggang dalawang porsyento ang maaaring ilaan para sa pangongolekta at pangangasiwa ng buwis. Ang natitirang halaga ay maaaring ilaan para sa pag-aayos ng kalsada at para sa mga parke.

Iaatas ng Panukalang-Batas na ito na hindi bababa sa dalawampu't limang porsyento ng buwis ang ilalaan para sa Mga Parke at magpapahintulot na magamit ang hanggang pitumpu't tatlong porsyento para sa pangkalahatang layunin ng pamahalaan kabilang ang kaligtasan ng publiko, pag-iwas sa malawakang mga sunog (wildfire), at pabahay sa panahon ng emerhensya. Ang Panukalang-Batas na ito ay magpapahintulot na magamit ang buwis para sa mga pagpapatakbo at pagpapanatili ng mga parke bilang karagdagan sa pagtatamo, pagpaplano, pagpapaunlad, pag-aayos at rehabilitasyon. Papahabain nito ang petsa ng pagkawala ng bisa ng buwis hanggang Disyembre 31, 2035. Magiging epektibo ito sa pag-apruba ng mga botante ng Ashland.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**
Ang Buwis sa Pagkain at Inumin ay inawtorisahan sa pamamagitan ng pampublikong boto ng mga residente ng Lungsod ng Ashland mula pa noong 1995 na gagamitin para sa malalaking gastusin sa pagpapabuti, kabilang ang wastewater system, mga kalsada, at parke ng lungsod. Hinulaan ng Biennium Budget ng Lungsod para sa 2021-2023 ang pagbaba ng mga kita ng lungsod dahil sa pandemyang COVID-19 at inilipat ang tinatayang kabuuang pondo ng Buwis sa Pagkain at Inumin upang mapunan ang isang potensyal na kakulangan sa budget para sa pagpapatakbo. Noong Hunyo ng 2022, sinuri ng Konseho ng Lungsod ang katayuan ng budget ng lungsod at ibinalik ang mga kita sa Buwis sa Pagkain at Inumin upang suportahan ang mga pagpapahusay sa parke ayon sa pag-apruba ng nakaraang pampublikong boto.

Kinailangan ng Lungsod ng Ashland na labanan ang pagdating ng pandemya ng COVID at ang paghina ng pangkalahatang ekonomiya.  Kapansin-pansin na ang kasalukuyang koleksyon ng Buwis sa Pagkain at Inumin (Food and Beverage, F&B) ng Lungsod ay nabawasan ng mga kaganapang ito.  Natukoy ng Konseho ng Lungsod na makakatulong na magkaroon ng pleksibilidad sa paggamit ng buwis sa F&B sa pagtugon sa mga pangkalahatang priyoridad ng Pangkalahatang Pondo ng Lungsod at mga epekto sa ekonomiya.

Ang kasalukuyang Ordinansa sa Buwis sa Pagkain at Inumin ng Lungsod ay nag-aatas na hindi bababa sa dalawampu't limang porsyento (25%) ng buwis na nakolekta ang ilalaan para sa pagkuha, pagpaplano, pagpapaunlad, pag-aayos, at rehabilitasyon ng mga Parke ng Lungsod.  Hanggang dalawang porsyento (2%) ang maaaring ilaan para sa pangangasiwa ng buwis.  Ang natitirang halaga ay maaaring ilaan (hanggang 73%) para sa pag-aayos ng kalsada o para sa mga parke.

Hindi babaguhin ng Panukalang-Batas na ito ang halaga ng threshold na buwis na inilaan para sa Mga Parke (hindi bababa sa 25%) o para sa pangangasiwa ng buwis (2%), ngunit ang Panukalang ito ay magbibigay-daan sa hanggang pitumpu't tatlong (73%) porsyento na magamit para sa mga layunin ng pangkalahatang pamahalaan kabilang ang kaligtasan ng publiko, pag-iwas sa mga malawakang sunog, at pabahay sa panahon ng emerhensya.  Ang Panukalang ito ay magbibigay-daan na magamit ang buwis para sa mga pagpapatakbo at pagpapanatili ng mga parke bilang karagdagan sa pagtatamo, pagpaplano, pagpapaunlad, pag-aayos at rehabilitasyon ng Parke, kung saan ito ay kasalukuyang nakalimita.

Ang buwis sa F&B ay palaging itinuturing na isang pansamantalang panukala upang pondohan ang iba't ibang serbisyo ng Lungsod.  Dahil sa katwiran para sa pagbabagong ito, ang panukalang ito ay magpapahaba sa petsa ng pagkawala ng bisa ng buwis hanggang Disyembre 31, 2035.  Magiging epektibo ito sa pag-apruba ng mga botante ng Ashland.

Resulta ng Botong "Hindi"

Kung hindi pumasa ang panukalang ito, mananatili ang umiiral na ordinansa sa buwis sa pagkain at inumin, na ang lahat ng kita sa buwis ay nakadirekta sa mga parke (hindi bababa sa 25%), hanggang sa dalawang porsyento (2%) ang inilalaan para sa pangangasiwa ng buwis, at ang natitirang halaga ay maaaring ilaan para sa pag-aayos ng kalsada at para sa mga parke (hanggang 73%).

(*Ang impormasyong ito ay ibinigay ng Lungsod ng Ashland.*)